



NATIONAL CITIZENS' MOVEMENT FOR FREE ELECTIONS (NAMFREL)

Room 601, DMG Center, Domingo M. Guevara St.,
Barangay Mauway, Mandaluyong City, Philippines

Telefax: +63 (2) 8470-4151
Wireless Landline: +63 (2) 8736-0969; 8788-3484
Telephone: +63 (2) 8451-1586
Mobile Numbers: +63939.1102871; 0977.2417080
E-Mail: namfrelsecretariat@namfrel.org.ph
Website: www.namfrel.org.ph

Transcripts of NAMFREL Press Briefing Presentations September 28, 2021

Introduction (Fernando Contreras, Jr., NAMFREL National Council member)

Magandang araw po sa inyong lahat, ako po si Fernando Contreras, Jr., National Council member ng NAMFREL. Ilang buwan na lamang ay eleksyon na naman, at dahil diyan, kaming mga kasapi ng NAMFREL, ang inyong Bantay ng Bayan, ay naghahanda na upang bantayan ang darating na eleksiyon. Hindi biro ang halalang darating. Libu-libong posisyon ang kailangan nating pagbotohan, na paglalabanan ng mas marami pang kandidato. Tinatayang higit sa 70 milyong mga botante ang maaaring lumahok sa darating na halalan. Ngunit alam nating ang pandemya ay narito pa rin, kaya malaking hamon sa COMELEC, sa iba pang ahensya ng gobyerno kagaya ng DepEd, at sa mga samahang kagaya ng NAMFREL, ang mairaos at mabantayan ang eleksiyon sa paraang maayos, masinop, matipid, at ligtas.

Sa pagpili ng kung ano ang maaaring gampanang tungkulin ng NAMFREL sa darating na halalan, aming inalam kung saang mga aspeto ng halalan kami maaaring pumasok base sa aming kaalaman, kakayahan, at experience, kung maaari, hindi ginagawa ng iba pang organisasyong tulad namin. Atin pong alamin ang mga napili naming tungkulin, at sana'y samahan ninyo kami ngayong darating na eleksyon sa pamamagitan ng pag-volunteer sa NAMFREL. Magandang araw po ulit.

Automated Elections System (AES) Monitoring (Eric Jude Alvia, NAMFREL Secretary General)

Magandang araw po. Ako po si Eric Alvia, Secretary General ng NAMFREL.

Kagaya noong mga nakaraang eleksiyon, pagtutuunan ng pansin ng NAMFREL ang Automated Elections Systems (AES) Monitoring, o ang pagbabantay sa mga proseso ng halalan, na nakatuon ang pansin sa paggamit ng COMELEC ng makabagong teknolohiya sa pagpapatakbo nito.

Hindi lingid sa ating kaalaman na iba na ang sistema ng halalan. Ang pagbabago sa sistema ng bilangan ay kailangang tapatan ng makabagong paraan ng pagbabantay, ngunit manual man o automated, nananatili ang ating layuning siguruhing tama ang bilang at walang pandaraya. Ang NAMFREL ay kinabibilangan ng mga IT experts, at mga observers na dumaaan na sa pagsasanay upang mabantayan ng wasto ang automated elections.

Ngayon pa lamang ay kalahok na ang NAMFREL sa monitoring o third party oversight ng COMELEC AES. Ang isa rito ay ang pagbabantay sa COMELEC procurement ng mga gagamiting kasangkapan at serbisyo sa 2022 automated elections. Umuupo rin ang NAMFREL sa mga pagpupulong ng COMELEC Advisory Council, COMELEC AES Steering Committee, at COMELEC Random Manual Audit Committee upang makapagbigay ng mga suhestiyon para mas lalong maisaayos ang mga proseso ng AES sa 2022.

Sa darating na mga buwan ay makikilahok din ang NAMFREL sa local source code review, at pagbabantay sa ballot printing, mock polls o elections, delivery ng mga makina, final testing and sealing ng mga machines, at iba pang mga proseso na related sa AES.

Gaya ng nakagawian, sa araw ng eleksiyon ay magbabantay ang mga NAMFREL Bantay ng Bayan observers sa mga voting centers sa iba't ibang panig ng Pilipinas, at itutuon nila ang kanilang pansin sa pagtakbo ng mga makina sa oras ng pagboto at bilangan, sa pag-transmit ng mga resulta mula sa mga presinto hanggang sa COMELEC, sa iba pang aspeto ng komunikasyon at teknolohiya sa araw ng halalan, at ang mga kaganapan sa loob at labas ng mga voting centers. Para maging maayos ang

pagbabantay, ang ating mga Bantay ng Bayan observers ay gagamit ng mga observation forms, na kanilang sasagutan at ibabalik sa NAMFREL upang maging basehan ng aming mga magiging periodic reports o ulat sa bayan.

Sana'y kami ay inyong masasamahan sa ating gagawing pagbabantay. Maraming salamat po.

Open Election Data (OED) (Lito Averia, NAMFREL National Council member)

Magandang araw po. Ako po si Lito Averia, National Council member ng NAMFREL. Kami sa NAMFREL ay naniniwala na upang mabantayan ng sapat ang halalan -- hindi lamang ng mga NAMFREL observers kundi ng taumbayan -- ay kinakailangang mayroon tayong sapat at tamang kaalaman tungkol sa sistemang nais nating tingnan. Ito ang pangunahing layunin ng Open Election Data project ng NAMFREL, ang magbigay ng kaalaman sa taumbayan tungkol sa automated election system o AES, para tayong lahat ay mas maging epektibong bantay sa darating na eleksyon.

Maaari rin nating magamit ang mga nakalap na impormasyon tungkol sa AES upang makabuo ng mga rekomendasyon sa mga kinaukulan upang mas mapabuti ang proseso ng pagpapatakbo ng eleksiyon at ang kalidad ng eleksiyon sa bansa, at mapag-ibayo ang partisipasyon ng mga botante at iba pang stakeholders sa ating mga susunod na halalan.

Sa open election data project, nais ng NAMFREL na mabigyan ang COMELEC ng isa pang publicly accessible platform na maaaring paglagyan ng election-related data. Ito ay isang partnership kung saan bibigyan ng COMELEC ng access ang NAMFREL sa mga hihingin naming mga impormasyon, at ito ay ilalagay ng NAMFREL sa internet sa pamamagitan ng isang secure website for public access.

Sa pamamagitan ng mga impormasyong manggagaling sa COMELEC at iba pang ahensyang may kinalaman sa eleksiyon, itong mga ito ang ilan sa mga magiging benepisyo ng open election data website ng NAMFREL:

1. General information para sa mga botante at iba pang stakeholders
2. Voter assistance
3. Precinct-level results validation
4. AES performance analysis
5. Data research
6. Coordination between the public and other election stakeholders
7. At marami pang iba

Ang NAMFREL ay naniniwala na "each voter is a potential observer." Dahil sa open election data project, ang lahat ay magkakaroon hindi lamang ng kaalaman, kundi pati isang paraan upang masundan ang proseso ng halalan. Ang lahat ay maaaring maging Bantay ng Bayan. Magandang araw po ulit.

Random Manual Audit (Eric Jude Alvia, NAMFREL Secretary General)

Magandang araw po. Ako po ulit si Eric Alvia, Secretary General ng NAMFREL.

Ngayong darating na halalan ay nakikilahok ulit ang NAMFREL sa Random Manual Audit, o ang manual na pagkukumpara ng election results na galing sa makina at yung binilang na mano-mano.

Sa ngayon pa lang, ang NAMFREL ay nakikilahok na sa mga pagtitipon ng Random Manual Audit Committee, o RMAC, upang tumulong na mairaos at mas mapabuti pa ang RMA ngayong darating na eleksiyon.

Dahil sa Covid pandemic, naka-focus ngayon ang mga usapin tungkol sa eleksiyon, kasama na ang RMA, kung paano mas gagawing ligtas ang mga proseso na hindi isa-saalang-alang ang accuracy at transparency.

Ang ilan sa mga pinag-uusapan ng Random Manual Audit Committee ngayon ay:

1. Kung saan gagawin ang RMA - kung sa isang centralized venue ba na mas malaki at ligtas;
2. Kung paano mas gagawing ligtas ang RMA para sa mga miyembro ng random manual audit teams;
3. Kung daragdagan ba ang mga posisyon na isasama sa bilangan for RMA;
4. Kung dadamihan ba ang mga distritong bibilangin sa RMA;
5. Kung i-ko-cross-check ba ang RMA results sa mga actual na election returns na nakolekta ng citizens' arm;
6. Kung ano ang magiging proseso kung lalagyan ng QR codes ang ER at VVPAT, o yung resibo na lumalabas sa makina.

Matatandaang isa sa mga mungkahi ng NAMFREL upang mas mapabuti ang automated election system sa bansa ay ang paglalagay ng QR code sa ER at VVPAT. Kung ang aming mungkahi ay susundin, mas magiging madali -- hindi lamang para sa mga election observers at political parties, kundi pati sa taumbayan -- na makilahok sa pagbabantay at masundan ang mga resulta ng eleksiyon mula sa precinct level.

Limitado lamang ang maaaring makilahok sa random manual audit, ngunit isa lamang ito sa mga paraan kung paano titiyaking ang binilang na resulta ay sang-ayon sa ibinigay na boto ng taumbayan.

Magandang araw po ulit.

Parallel Vote Tabulation (Fernando Contreras, Jr., NAMFREL National Council member)

Magandang araw po ulit. Ako po si JR Contreras ng National Council ng NAMFREL.

Marahil ay pamilyar kayo sa Operation Quick Count, o OQC, isang sistema ng pagbibilang ng eleksiyon na sinimulan ng NAMFREL noong 1984, at mula noo'y ginamit na sa iba't ibang bansa ng maraming election monitoring organizations. Tinatawag ngayon itong parallel vote tabulation o PVT. Ang PVT ay isang pamamaraan upang bilangin ng taumbayan ang boto base sa official results na manggagaling sa presinto. Sa prosesong ito, maaaring makita kung na-manipula ang official results habang ito'y kino-consolidate.

Dahil sa PVT, nadaragdagan ng isa pang layer ng security at transparency ang ating mga halalan. Higit pa ryan, dahil sa PVT, nagkakaroon ng oportunidad ang taumbayan na makilahok sa bilangan at masundan ang bilang ng kanilang mga boto.

Nabanggit ni Eric kanina ang tungkol sa QR codes. Kung pagbibigyan sana ng COMELEC ang ating kahilingan na lagyan ng QR codes ang election returns at VVPAT, makakagawa ang NAMFREL ng isang makabagong parallel vote tabulation na hindi lamang gagawin ng NAMFREL observers, kundi pati na rin ng political parties at taumbayan.

1. Let's assume na lalagyan ng Comelec ng QR codes ang ER. Dahil sa covid, sanay na ang mga ordinaryong Pilipino sa QR codes. Hindi lang website at forms ang pwedeng ilagay sa QR codes, pati rin ang resulta ng botohan.
2. Gagawa ang NAMFREL ng isang smartphone app na maaaring gamitin sa pag-scan ng QR codes sa mga ER. Maaari i-download ninuman ang app na ito. Oo, ang PVT na ito ay crowd-sourced, kahit sino

pwedeng sumali.

3. Pag ipinaskil ang mga ERs sa presinto pagkatapos ng bilangan, pwede ito i-scan gamit ang app.

4. Pagka-scan, didiretso ang resulta sa NAMFREL upang i-consolidate. Tutulungan din namin ang ibang grupong interesado na gumawa ng sarili nilang bilang gamit ang app ng NAMFREL.

Of course may mga paraang gagawin ang NAMFREL upang i-verify na tama ang matatanggap na resulta mula sa publiko, bago ito isama sa unofficial partial results ng bilangan.

Sana'y pagbigyan ng Comelec ang ating kahilingan, upang ang lahat ng ito'y maisakatuparan. Dahil sa makabagong PVT na ito, tayong lahat ay Bantay ng Bayan, magsasama-sama para sa isang Bilang ng Bayan.

Magandang araw po. ###